Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-03 NG AGOSTO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 178-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN AT KAPAHINTULUTAN SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD, INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPASOK AT MAKALAGDA SA KASUNDUAN (MEMORANDUM OF UNDERSTANDING) SA PAGITAN NG MARILAO MEDICAL AND DIAGNOSTIC CLINIC, INC. AT NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD PARA SA PAGPAPATUPAD NG MASS/TARGETED TESTING LABAN SA COVID-19.

PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA AT KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, batay sa Seksyon 15 ng Artikulo II ng 1987 Saligang Batas ng Pilipinas na dapat itaguyod ng estado at pangalagaan ang karapatan sa kalusugan ng mga mamamayan at ikintal ang kamalayang pangkalusugan sa kanila;

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, pinagtibay ng mabunying Sangguniang Panlungsod ang City Ordinance No. 10-2020 o' ang 'COVID-19 Prevention and Control Ordinance', noong ika-16 ng Marso 2020 na may layuning labanan at pigilan ang paglaganap ng Pandemiko bunsod ng COVID-19 Virus sa lungsod;

SAPAGKAT, dama at batid ng Pamahalaang Panlungsod at ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos ang hirap na dinaranas lalo na sa aspetong pinansiyal ng mga pamilyang Maloleño bunsod ng ipinatutupad na Community Quarantine na nagpabalam sa mga hanap-buhay at pinagkukuhanan ng kabuhayan ng bawat isa;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ay nakapagtala ang Lungsod ng Malolos ng kabuuang 211 kaso ng COVID-19 at 9 dito ay nasawi;

Sa pmamagitan ng kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na binibigyang kapangyarihan at kapahintulutan ang Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian na makapasok at makalagda sa kasunduan (Memorandum of Understanding) sa pagitan ng Marilao Medical and Diagnostic Clinic, Inc. at ng Pamahalaang Panlungsod para sa pagpapatupad ng targeted/mass testing laban sa COVID-19.

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

IPINASIYA PA DIN, na mailagay at maipasama sa kasunduan na ang kabisaan ng MOA ay sa sandaling ang Marilao Medical and Diagnostic Clinic, Inc. ay makakuha at mapagkalooban ng mga sertipikasyon at akreditasyon mula sa Kagawaran ng Kalusugan at mga ahensya ng Pamahalaan at magkaroon ng 'automatic revocation' sa sandaling mabigo ang Marilao Medical and Diagnostic Clinic, Inc. na makakuha ng mga nabanggit na akreditasyon.

IPINASIYA PA DIN, na makabalangkas ang Tanggapan ng Panlungsod na Manggagamot ng polisiya o' alituntunin para sa pagsasagawa ng targeted/mass testing sa lungsod.

IPINASIYA PA DIN, na makapagtalaga ang Punong Ehekutibo ng kawani na magsasagawa ng pag-aaral at pakikipag-ugnayan sa iba pang ospital o' establisimientong nagsasagawa ng testing.

PINAGTIBAY.

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI |
| KGG. ENRICO C. CAPULE<br>KASANGGUNI | KGG. DENNIS D. SAN DIEGO<br>KASANGGUNI |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY<br>KASANGGUNI | KGG. EDGARDO F. DOMINGO<br>KASANGGUNI |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA<br>KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO<br>KASANGGUNI |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA<br>KASANGGUNI - ABC President | KGG. PATRICK S. DELA CRUZ<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08032020